Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-23 NG SETYEMBRE, 2020 SA GANAP NA IKA-09:41 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 69 (A) T. 2020**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA TANGGAPAN NG PHILIPPINE CENTER FOR POSTHARVEST DEVELOPMENT AND MECHANIZATION (PHILMECH) SA PAMAMAGITAN NI PHILMECH DIRECTOR IV, DR. BALDWIN G. JALLORINA NA MAPAGKALOOBAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG LUMBAN NG TATLONG (3) UNIT NG HAND TRACTOR UPANG MAGAMIT NG MGA MAGSASAKA SA PANAHON NG PAG-AANI**

**Akda ni KGG. IRENEO R. BALDOVINO**
**Tagapangulo ng Lupon ng Pagsasaka**

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Pagsasaka ay naglunsad ng *"Rice Program"* na naglalayon na pagsamahin ang mga inisyatibo at interbensyon ng pamahalaan sa pagsasaka ng palay at iba pa gaya ng: *food security and sufficiency, support services from farm to table, sustainable resource management, and broad-based local partnerships* na makakamit sa pamamagitan ng iba't ibang serbisyo gaya ng *production support, irrigation development*, mga *infrastructure and post-harvest development, research and development, regulatory services, extension support and training services*;

**SAPAGKAT**, ang mga magsasakang Lumbeño sa pagtupad ng kanilang dakilang gawain na maipaghanda ang sambayanang Pilipino ng pagkain ay marapat na bigyan ng ayuda sa kanilang paglinang ng lupa para sa masaganang ani ng palay upang mapaliit ang kanilang puhunan at mapataas ang kita bilang hakbang sa pagbibigay kakayahan sa mga magsasaka na maging mas higit na produktibo at makapagpatuloy sa pagtatanim sa mga susunod na taniman ng hindi kinakailangan na mangutang ng puhunan na may malaking tubo;

**SAPAGKAT**, ang mahalagang makinaryang pang-agrikultura gaya ng hand tractor ay malaking katulungan sa magasasaka upang mapabilis ang paghahanda ng kanilang mga taniman samantalang pinabababa din nito ang kailangan nilang puhunan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino na pinangalawahan ni Kgg. Sheryll Tablico-Gaurino at Kgg. John Albert Rana at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan na mapitagang humihiling sa Tanggapan ng Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PHilMech) sa pamamagitan ni PHilMech Director IV, Dr. Baldwin G. Jallorina na mapagkalooban ang Pamahalaang Bayan ng Lumban ng tatlong (3) unit ng Hand Tractor upang magamit ng mga magsasaka sa panahon ng pag-aani;

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PHilMech) na pinamumunuan ni Director Baldwin G. Jallorina, Phd at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTIBAY,** ngayon ika-23 ng Setyembre, 2020.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt092320res69A*